

Pagboto ng mga Hindi Mamamayan para sa Nobyembre 8, 2022, Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan sa San Francisco

Mga Kinakailangan para sa Elihibilidad

Kung hindi kayo mamamayan ng Estados Unidos, kailangan ninyong matugunan ang lahat ng mga pangangailangan sa ibaba para kayo'y maging elihible na magparehistro upang makaboto para sa Nobyembre 8, 2022, Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan.



Residente ng San Francisco



Hindi napatunayan ng isang hukuman na wala sa maayos na katinuan ang pag-iisip para makaboto



18 taong gulang o higit pa sa Nobyembre 8, 2022



Hindi nakakulong sa pampederal o pang-estadong kulungan nang dahil sa hatol na peloni



Magulang, legal na tagapatnubay o tagapangalaga (ayon sa tinutukoy sa CA Family Code §6550-6552) ng isang batang mas mababa sa 19 taong gulang ang edad na nakatira sa San Francisco

Mga Hakbang para Makilahok

Para makilahok sa Nobyembre 8, 2022, Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan, kompletuhin ang mga hakbang sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa sfelections.org/ [NCV](https://ncv.org/) o tawagan ang Departamento ng mga Eleksyon.

1 Basahin ang Mahalagang Abiso at ang mga pangangailangan para sa elihibilidad na nakalista sa poster na ito.

3 Basahin ang Buklet para sa Impormasyon ng Botante na darating sa koreo sa unang bahagi ng Oktubre upang matuto ng higit pa ukol sa pagboto sa Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan.

2 Punan ang isang Form para sa Pagpaparehistro ng mga Hindi Mamamayan para maging Botante at ibalik ito sa Departamento ng mga Eleksyon nang personal o sa pamamagitan ng koreo hanggang sa Oktubre 24, 2022.

4 Magpasiya kung paano boboto: sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

MAHALAGANG ABISO PARA SA MGA HINDI MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

Posibleng makuha ng Immigration and Customs Enforcement (Tagapagpatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana, ICE) at iba pang ahensiya, organisasyon, at indibidwal ang anumang impormasyong ibibigay ninyo sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) kasama na ang inyong pangalan at address. Bukod pa rito, kapag nag-aplay kayo para sa naturalisasyon o pagka-mamamayan, tatanungin kayo kung nakapagrehistro o nakaboto na kayo sa pederal, pang-estado o lokal na eleksyon sa Estados Unidos. Baka gusto ninyong kumonsulta sa abugado sa imigrasyon, organisasyong nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng migrante, o iba pang mapagkukunan ng kaalaman bago kayo magbigay ng anumang personal na impormasyon sa Department of Elections at bago kayo magparehistro para bumoto sa Eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco. Makikita rin ninyo ang listahan ng mga organisasyong nonprofit na may espesyalisasyon sa pagprotekta sa mga karapatan ng migrante sa sfelections.org.